


Paunawa mula sa inyong bagong tagapagbigay ng kuryente, **Orange County Power Authority**

MAAARI NA NINYONG MATAMASA ANG MGA BENEPISYO NG MALINIS AT RENEWABLE ENERGY SA ABOT-KAYANG PRESYO.

Bilang kostumer ng Orange County Power Authority (OCPA), nakakatulong ka sa pagpapabuti ng kalidad ng hangin sa pamamagitan ng pagbabawas ng ating pagdepende sa mga fossil fuel. [Ang Smart Choice ang nakatakdang \(default\) plano para sa malinis na enerhiya para sa mga bagong customer sa iyong lungsod](#), ngunit maaari kang pumili na mag-level up sa 100% Renewable na opsyon - lahat ng renewable na enerhiya upang magkaroon ng pinakamalaking pagbawas sa mga greenhouse gas emission - o piliin ang Basic Choice, isang mas mababang opsyon na makakatulong pa rin sa iyong mabawasan ang iyong carbon footprint at muling mamuhunan sa ating komunidad.

NAG-AALOK ANG OCPA NG TATLONG PLANO NG RENEWABLE ENERGY:



Bisitahin ang ocppower.org para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga presyo.

Ang mga kustomer ay palaging may opsyon na umalis at bumalik sa Southern California Edison (SCE).

Para sa **Solar**, kinikilala ng OCPA ang mga benepisyo ng Net Energy Metering (NEM) 2.0 at nagbibigay ng Net Surplus Compensation rate na 10% na mas mataas kaysa sa kasalukuyang presyo ng SCE! Bisitahin ang ocppower.org/NEM para matuto nang higit pa tungkol sa programa.

ANG IYONG BUWANANG BAYAD SA KURYENTE

Ang halaga ng enerhiyang binibili para sa iyo - o "paglikha ng enerhiya" - ay humigit-kumulang 30% ng iyong buwanang bayarin sa kuryente, at ngayon ay hinahawakan na ng OCPA. Patuloy na pinamamahalaan ng SCE ang pagpapadala at paghahatid ng enerhiya sa iyong tahanan o negosyo, humigit-kumulang 70% ng iyong bayarin. Kung makakaranas ka ng pagkawala ng kuryente, tawagan ang SCE.

Bawat buwan, makakatanggap ka ng isang bayarin mula sa SCE, kasama ang parehong singil sa transmisyon at paghahatid ng SCE at mga singil sa pagbuo ng OCPA. Hindi ito mga dagdag o dobleng singil; pinapalitan lamang ng OCPA ang SCE bilang iyong pinagkukunan ng kuryente. Bisitahin ang ocpower.org/understand-your-bill para sa karagdagang impormasyon.



Pinagkukunan

Ang OCPA ay bumibili ng kuryente mula sa renewable sources.

Paghahatid

Ang SCE ang naghahatid ng kuryente

KUSTOMER

Nababawasan mo ang iyong carbon footprint, sa pamamagitan ng pagiging kustomer ng OCPA!

MGA EKSKLUSIBONG PROGRAMA PARA SA MGA KUSTOMER NG OCPA

Bilang isang non-profit na pampublikong ahensya, ang OCPA ay nakatuon sa layunin, hindi sa kita. Maaaring samantalain ng mga kustomer ang mga programa sa pagtitipid ng enerhiya at pera. Tingnan ang aming mga pinakabagong alok sa ocpower.org/energy-programs.

KONTAKIN ANG OCPA PARA MATUTO NANG HIGIT PA

Nandito kami para tumulong! Bisitahin ang aming website sa ocpower.org o tawagan kami sa 1-866-262-7693. Ang aming call center team ay nagsasalita ng 26 na wika!

ISANG PRIBILEHIYO ANG MAKAPAGBIGAY SA IYO NG RENEWABLE ENERGY SA ABOT-KAYANG PRESYO!

Para tingnan ito sa 中文, 한국어, español, Tiếng Việt, فارسی, Tagalog, 日本語, bisitahin ang ocpower.org/notices



Mga Tuntunin at Kundisyon ng Serbisyo

Pagpapatala at Pag-alis (opt-out) Awtomatiko kang nakatala sa OCPA. Maaari kang humiling na umalis sa OCPA anumang oras sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-262-7693 o pagbisita sa ocpower.org. Mangyaring ihanda ang impormasyon ng iyong SCE account upang maproseso ang iyong kahilingan. Walang bayad ang pag-alis sa OCPA. Pakitandaan na kung aalis ka at babalik sa SCE, wala kang opsyon na bumalik sa OCPA sa loob ng isang buong taon at sasailalim sa kasalukuyang mga presyo, tuntunin, at kundisyon ng serbisyo ng SCE. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga tuntunin at kundisyon ng SCE, bisitahin ang sce.com/cca.

Bukod pa rito, hinihiling ng SCE na gamitin ng mga kustomer ng OCPA ang isa sa mga sumusunod na opsyon para sa pagbabalik sa paghahatid-serbisyo (SCE generation service) ng SCE: Opsyon 1) Bumalik sa SCE generation service sa pagtatapos ng iyong kasalukuyang siklo ng pagsingil gamit ang transition rate ng SCE sa loob ng anim na buwan at mga karaniwang presyo pagkatapos nito; o Opsyon 2) Bumalik sa SCE generation service, pagkatapos ng anim na buwang abiso, gamit ang mga karaniwang presyo ng SCE.

Ang mga account ay iilipat sa araw na mabasa ang metro ng kuryente at hindi maaaring ilipat sa kalagitnaan ng isang siklo ng pagsingil. Ang mga kahilingan sa pag-alis (opt-out) na natanggap nang hindi bababa sa limang araw ng negosyo bago ang petsa ng pagbasa ng metro ng kustomer ay ipoproseso para sa petsa ng pagbasa ng metro na iyon; lahat ng iba pang kahilingan sa pag-opt out ay ipoproseso sa kasunod na petsa ng pagbasa ng metro. Ang mga kustomer na mag-opt out o kung hindi man ay hihinto sa pagtanggap ng serbisyo mula sa OCPA ay sisingilin para sa lahat ng kuryente ng OCPA na ginamit bago tapusin ang serbisyo ng kuryente ng OCPA. Walang bayad para muling pagbabalik-serbisyo ng OCPA para sa mga kustomer na nais bumalik sa serbisyo ng OCPA pagkatapos maghintay ng buong taon pagkatapos na umalis.

Magpatala muli sa serbisyo ng OCPA sa ocpower.org/your-options o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-262-7693.

Mga Presyo Ang mga singil sa paghatid ng kuryente ng Orange County Power Authority ay nakatakdang upang magbigay ng mas malinis na kuryente sa mga kompetitibong presyo. Ang mga singil ng OCPA ay maaaring magbago.

Ang mga pagbabago sa mga singil ay itatakda sa mga pampublikong pagpupulong na gagawin ng OCPA Board of Directors. Ang mga pagbabago sa mga singil ng OCPA o Southern California Edison ay makakaapekto sa mga paghahambing ng gastos sa pagitan ng OCPA at SCE. Ang SCE ay naniningil sa mga kustomer ng OCPA ng buwanang Power Charge Indifference Adjustment at isang Franchise Fee Surcharge. Isinaalang-alang ng OCPA ang mga karagdagang singil na ito sa pagkalkula ng mga singil. Tandaan, na ang mga singil ng OCPA ay kompetitibo sa mga singil ng SCE, kahit sa mga singil na ito. Ang mga ibinigay na presyo ay maaaring suriin sa ocpower.org o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-262-7693..

Pagsingil Makakatanggap ka ng isang buwanang bayarin mula sa SCE na kinabibilangan ng mga singil sa paghahatid ng kuryente ng OCPA. Nangongolekta ang SCE ng mga awtorisadong singil mula sa mga kustomer ng OCPA para sa paghahatid ng kuryente sa iyong tahanan o negosyo at para sa pagbibigay ng iba pang mga serbisyo. Ang mga bahaging ito ng iyong singil sa kuryente ay pareho kahit na bibili ka ng kuryente mula sa OCPA o SCE. Ang singil sa paghahatid ng kuryente ng OCPA ay papalit sa singil sa paghahatid ng kuryente ng SCE. Ang singil ng OCPA ay hindi dobleng singil o karagdagang bayad. Patuloy kang sisingilin ng SCE para sa mga serbisyo sa paghahatid ng kuryente. Kung ikaw ay magpasyang umalis sa OCPA, ipagpapatuloy ng SCE ang pagsingil sa iyo para sa paghahatid ng kuryente.

Mga Programa ng Diskwento Kung kasalukuyan kang nakatala sa programang California Alternative Rates for Energy (CARE), programang Family Electric Rate Assistance (FERA), Medical Baseline, o Level Pay, patuloy mong matatanggap ang lahat ng benepisyo at diskwento bilang kustomer ng OCPA.

Hindi Pagbabayad Maaaring ilipat ng OCPA ang iyong account sa SCE sa loob ng 60 araw ng kalendaryo pagkatapos ng nakasulat na abiso kung hindi mo mababayaran ang iyong bayarin. Kung ang iyong serbisyo ay ibinalik sa SCE, kakailanganin mo pa ring bayaran ang anumang hindi nabayarang singil sa oras na iyon.

Patakarang sa Pagkapribado ng Kustomer Makikita ang patakarang sa ocpower.org/privacypolicy o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-262-7693.